pag-asa

# Puno ng Pag-asa

WEEK 5

## WARM-UP

- Kung ikaw ay isang *cartoon character* na sagana sa isang bagay, ano kaya ito? Halimbawa, maaaring ito ay ang paborito mong pagkain o emosyon. Bakit gustong mapuno mo ito?
- Paano mo ilalarawan ang isang taong walang pag-asa? Ano ang itsura niya at paano siya kumikilos?
- Kung kakausapin mo ang iyong pinakamalapit na kaibigan sa huling pagkakataon, ano ang sasabihin mo sa kanya? Ibahagi kung paano mo tutulungan at palalakasin ang loob niya.

## WORD

*Nawa ang Dios na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya, para patuloy na lumago ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.* **ROMA 15:13**

Habang tinatapos ni apostol Pablo ang kanyang liham sa iglesya sa Roma, nagsulat siya ng isang pagpapala. Nais niyang mapuno ng kagalakan at kapayapaan ang mga mananampalataya sa Roma. Ito ang magbibigay sa kanila ng kakayahang mamuhay nang may pag-asa. Sa mundong puno na puno ng iba't ibang bagay, ang mga mananampalataya ay dapat humugot sa Diyos at mapuspos Niya. Ngayong araw, tingnan nating mabuti ang talatang ito at pag-isipan kung paano natin ito maipapamuhay.

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa pag-asa na mayroon tayo sa Kanya. Ipagdasal na magkaroon ka ng pag-asa, kagalakan, at kapayapaan na tanging Siya lamang ang makapagbibigay.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang mag-umapaw sa pag-asa. Ibigay sa Diyos ang iyong mga alalahanin at hilingin na kumilos Siya sa iyo, para sa iyo, at sa pamamagitan mo.
- Hilingin sa Diyos na gawin kang halimbawa ng pag-asa sa mga tao sa paligid mo. Ipagdasal na makita mo rin ang Kanyang puso para sa mga tao at humiling ng mga pagkakataon para maibahagi mo ang pag-asa na mayroon ka kay Cristo.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Ang Diyos ay Diyos ng pag-asa.

*Nawa ang Dios na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya . . .* **ROMA 15:13**

Sinabi ni Pablo na ang Diyos ay Diyos ng pag-asa. Nagdadala Siya ng pag-asa, at Siya ang ating pag-asa. Sa halip na mapuno tayo ng kawalan ng pag-asa, pagkabahala, o kalungkutan, maaari tayong mapuno ng Kanyang pagiging Diyos at ng mga ginagawa Niya sa ating buhay. Kung ang pinagmumulan ng ating pag-asa ay hindi ang Diyos, ano kaya ang magiging buhay natin? Bakit mahalaga na maunawaan at pahalagahan ang katotohanan na ang Diyos ay ang Diyos ng pag-asa?

## 2 Ang ating Diyos ng pag-asa ay nagbibigay sa atin ng kagalakan at kapayapaan habang tayo ay nananalig sa Kanya.

*Nawa ang Dios na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya . . .* **ROMA 15:13**

Ang Diyos ay hindi lamang pinagmumulan ng ating pag-asa—Siya rin ang pinagmumulan ng ating kagalakan at kapayapaan. Dahil sa kung sino Siya, maaari nating maranasan ang Kanyang kagalakan at kapayapaan (kabuuan) kahit ano pa man ang ating kinakaharap. May kasiguruhan ito. Paano ka binigyan ng Diyos ng kagalakan at kapayapaan sa panahon ng kahirapan? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

## 3 Ang Banal na Espiritu ang nagpapalakas sa atin upang mag-umapaw tayo sa pag-asa.

*Nawa ang Dios na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya, para patuloy na lumago ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.* **ROMA 15:13**

Ang ating Diyos ng pag-asa ang nagbigay sa atin ng Banal na Espiritu na nagpapalakas sa atin upang mag-umapaw ang ating pag-asa habang tayo ay naniniwala sa Diyos. Ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa atin upang tayo ay magbago, at upang ang pag-asa ay mag-umapaw at maging kapansin-pansin sa ating mga buhay. Dahil dito, maaari tayong maging mga halimbawa ng pag-asa sa mga tao sa paligid natin, at maaari nating ipahayag kung sino Siya nang buo ang loob. Ano sa tingin mo ang larawan ng isang buhay na nag-uumapaw sa pag-asa?

## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng buhay ka nangangailangan ng pag-asa, kagalakan, at kapayapaan? Ipagdasal mo ito at ibigay ang iyong mga alalahanin sa Diyos ngayon.
- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin araw-araw upang mas makilala pa at pagkatiwalaan ang Diyos?
- Sa palagay mo, paano ka magiging halimbawa ng pag-asa sa mga tao sa paligid mo?